



NAITATAG NOONG 1850

LUNGSOD NG VACAVILLE

650 MERCHANT STREET
VACAVILLE, CALIFORNIA 95688-6908
www.cityofvacaville.com
707-449-5100

RON ROWLETT
Mayor

DILENNA HARRIS
Vice Mayor

NOLAN SULLIVAN
Miyembro ng Konseho

MITCH MASHBURN
Miyembro ng Konseho

RAYMOND BEATY
Miyembro ng Konseho

Lungsod ng Vacaville Administratibong Patakaran

Epektibo: February 1, 2020

Pagpapatigil ng Serbisyo ng tubig ng mga Residente

Layunin:

Makapagtatag ng isang patnubay sa pagtatakda ng patakaran para sa pagpapatigil ng serbisyo ng tubig ng mga residente dahil sa hindi pagbabayad.

Layunin/Pinagmulan:

Ang patakarang ito ay iniisa-isa ang mga administratibong aksyon ng Lungsod ng Vacaville para sa pagkolekta ng mga delingkuwenteng bayarin, kasama ang mga abiso, mga pagtatakda ng bayad at pagpapatigil ng serbisyo. Ang patakarang ito ay makikita ng publiko sa website ng Lungsod. Ang Lungsod ay maaaring makontak sa pamamagitan ng telepono sa (707) 449-5128 upang talakayin ang mga opsyon para sa pag-iwas sa pagpapatigil ng serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga tuntunin ng patakarang ito.

Patakaran:

Ang Lungsod ay magkakaroon ng isang nakasulat na patakaran sa pagpapatigil ng serbisyo sa mga residente dahil sa hindi pagbabayad na mababasa sa Ingles, sa mga wikang nakalista sa Seksyon 1632 ng Civil Code, at iba pang wika na ginagamit ng hindi bababa sa 10 porsyento ng mga taong naninirahan sa lugar ng serbisyo. Makikita ang Patakaran sa website ng Lungsod.

Delingkuweteng Account:

Tulad ng kasunduan sa Muni code 13.12.060, kailangang bayaran kaagad ang mga bayarin sa utility sa oras na maibigay ang bill. Ang kahulugan ng pagbibigay ng bill ay kapag ang mga bill ay ipinadala na sa pamamagitan ng koreo at/o ipinadala sa pamamagitan ng elektronikong teknolohiya. Ang mga account ay itinuturing na delingkuwente sa araw pagkatapos ng pagpapadala nito. Ang iskedyul ng mga billing ay makikita online sa www.cityofvacaville.com o sa Finance counter sa City Hall. Ang mga sumusunod na patakaran ay para sa koleksyon ng mga delingkuwenteng account:

1. Mga Account na maliliit ang balanse:

Ang \$25 o mas maliit na balanse sa isang bill ay maaaring ipasa at idinagdag sa susunod na pagbi-bill nang hindi bibigyan ng multa sa naantalang pagbabayad o magkakaroon ng karagdagang koleksyon.

2. Multa sa Naantalang Bayarin:

Kung hindi natanggap ang bayad para sa isang bill sa pagtatapos ng araw ng negosyo sa ika-30 araw pagkatapos ng pagbibigay ng bill, susuriin ang multa sa naantalang bayarin, tulad ng nakalagay sa iskedyul ng Bayad sa Serbisyo at Pag-upa sa Pasilidad. Isang abiso ng naantalang bayarin ang ipadadala sa kostumer na nakatala na nagsasaad ng halaga ng naantalang pagbabayad at ang huling petsa nang nakapagbayad ang buo kostumer o humiling ng isang pakikipag-ayos ng pagbabayad upang maiwasan ang maaaring kasunod na mga bayarin at potensyal na pagpapatigil ng serbisyo.

3. Pagpapatigil ng Multa sa Naantalang Bayarin:

Alinsunod sa Patakaran ng Lungsod sa Pagpapatigil ng Multa sa Naantalang Bayarin, sa kahilingan ng kostumer, iuurong ng Lungsod ang isang multa sa naantalang bayarin sa bawat taon.

4. Pagpapalawig ng Pagbabayad ng Bill:

Upang maiwasan ang mga multa sa naantalang bayarin, ang kostumer na nakatala ay maaaring humiling ng isang pakikipag-ayos upang bayaran ang bill. Ang kostumer na nakatala ay maaaring mag-aplay sa isa sa mga opsyon na nakalista sa ibaba.

1. Ang kostumer na nakatala ay maaaring mag-aplay ng isang pagpapalawig ng pagbabayad ng halaga ng bill sa pagsusuri o bago ang pagsusuri ng multa sa naantalang bayarin. Ang pagpapalawig ay magbibigay ng 60 araw pagkatapos ng pagbibigay ng bill.
2. Kung kinakailangan ang karagdagang oras upang mabayaran ang halaga ng bayarin, ang kostumer na nakatala ay maaaring mag-aplay para sa isang alternatibong pakikipag-ayos ng pagbabayad tulad ng inilarawan sa ibaba.

5. Mga Alternatibong Pakikipag-ayos ng Pagbabayad

Ang sinumang kostumer na hindi makapagbayad para sa serbisyo ng tubig sa ika-60 araw pagkatapos maipadala ang bill, ay maaaring humiling ng alternatibong pakikipag-ayos ng pagbabayad upang maiwasan ang mga karagdagang multa o pagpapatigil ng serbisyo. Sa pagsunod sa SB 998, isasaalang-alang ng Lungsod ang lahat ng mga pagkakataon sa kahilingan at gagawa ng isang pagpapasiya kung talagang kinakailangan ang pakikipag-ayos ng pagbabayad.

a. Sertipikasyon ng Tagapagbigay ng Pangunahing Pangangalaga

Ang sertipikasyon ng isang Tagapagbigay ng Pangunahing Pangangalaga (Doktor, Obstetrician/Gynecologist, Doktor ng mga bata, Family Practice na Doktor, Klinika ng Pangunahing Pangangalaga, Ospital, o Klinika ng mga Outpatient) na nagpapatunay na ang pagpuputol ng serbisyo ay nagbabanta sa buhay o magdudulot ng isang seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng sinumang residente ng lugar kung saan ipinagkakaloob ang serbisyo ng tubig, ay pipilitin ang Lungsod na magbigay ng isang planong pag-aamortisasyon ng pagbabayad.

b. *Walang Pinansyal na Kakayahang Magbayad*

Ipinakikita ng kostumer na wala siyang pinansiyal na kakayahang magbayad para sa serbisyo ng tubig sa mga residente sa loob ng normal na siklo ng bayarin ng tubig. Ang kostumer o sinumang miyembro ng sambahayan ng kostumer ay dapat na kasalukuyang tumatanggap ng CalWORK, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/Programa ng Estado para sa Karagdagang Bayad, o Espesyal na Programa ng California para sa Karagdagang Nutrisyon para sa mga Babae, Mga Sanggol at Bata, o ang kostumer ay nagpapahayag na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsyento ng lebel ng kahirapan sa pederal.

c. *Iskedyul ng Alternatibong Pagbabayad*

Ang kostumer ay handang pumasok sa isang iskedyul ng alternatibong pagbabayad tulad ng inilarawan sa ibaba.

Ang mga pakikipag-ayos ng pagbabayad na pinalawig hanggang sa susunod na period ng billing ay kinukunsiderang isang plano ng amortisasyon, na dapat nakasulat at nilagdaan ng kostumer. Ang isang plano ng amortisasyon ay ang pagbabayad ng natitirang balanse sa loob ng 12 buwan mula sa petsa ng naaprubahan ang plano sa pagbabayad. Ang amortisasyon ay dapat bayaran bawat buwan. Ang kostumer ay dapat sumunod sa mga tuntunin ng plano sa amortisasyon at manatiling kasalukuyan lamang ang balanse habang dumaragdang ang mga bayarin sa susunod na period ng billing. Ang kostumer ay hindi na maaaring humiling pa ng karagdagang pag-aamortisasyon ng anumang kasunod na hindi bayad na balanse habang nagbabayad ng mga delinkuwenteng halaga alinsunod sa plano ng pag-amortisasyon. Ang hindi pagsunod sa mga tuntunin ng isang plano sa amortisasyon ay magresulta sa pagpapalabas ng isang nakasulat na abiso ng pagpapatigil ng serbisyo.

6. Nakasulat na Abiso ng Pagtigil ng Serbisyo:

Hindi ititigil ng Lungsod ang serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad hanggang sa ang pagbabayad ng kostumer ay maging delinkuwenteng sa loob ng hindi bababa sa 60 araw. Ang Lungsod ay gagawa ng isang makatwiran at mabuting pagsisikap na makipag-ugnay sa kostumer sa pamamagitan ng sulat nang hindi bababa sa 7 araw ng negosyo bago ipatigil ang serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbayad. Kung magkaiba ang address sa koreo at address ng propriyedad kung saan ibinibigay ang serbisyo ng tubig, isang abisong nakasulat ang ipadadala sa address na ginagamit sa billing na nakasaad sa account at isang abisong nakasabit ang dadalhin sa lugar na naka-address sa "Residente". Ang nakasulat na abiso sa pagpapatigil ng serbisyo ay maglalaman ng:

- Pangalan at tirahan ng kostumer
- Halaga ng lagpas na sa taning
- Petsa ng pagbabayad o pakikipag-ayos ng pagbabayad na kinakailangan upang maiwasan ang pagpapatigil ng serbisyo
- Paglalarawan ng proseso ng pag-aaplay para sa isang plano sa pag-aamortisasyon
- Paglalarawan ng proseso sa hindi napagkasunduan o apela sa bill.
- Paglalarawan ng proseso upang maibalik ang serbisyo

- Ang numero ng telepono ng lungsod at link ng web sa nakasulat na patakaran ng koleksyon ng Lungsod
- a. *Abiso sa Mga Residente/Mga Nakatira sa isang lisang Metro ng Tubig ng mga Residente*
 Ang Lungsod ay gagawa ng isang makatwiran at mabuting pagsisikap na ipaalam sa mga nakatira, sa pamamagitan ng nakasulat na abiso na isasabit sa pintuan ng tirahan, kapag ang account ng serbisyo sa tubig ay may mga utang at maaaring ipatigil ang serbisyo ng hindi bababa sa 10 araw bago putulin ang serbisyo ng tubig. Ang nakasulat na abiso ay magpapayo sa nangungupahan/residente na sila ay may karapatang maging mga kostumer ng Lungsod nang hindi kinakailangang bayaran ang halaga ng delingkuwente, hangga't handa silang tanggapin ang pinansyal na responsibilidad para sa kasunod na bayarin sa serbisyo sa tubig sa tirahang iyon. Upang ang halagang dapat bayaran sa delingkuwenteng account ay iurong, ang nangungupahan/residente ay dapat magbigay ng patunay ng pangungupahan sa pamamagitan ng isang kasunduan sa pag-upa o patunay ng pagbabayad ng upa.
 - b. *Abiso sa mga nangungupahan/residente sa isang Maraming Yunit na Complex Na May Serbisyo sa pamamagitan ng isang Master na Metro*
 Ang Lungsod ay gagawa ng isang makatwiran at mabuting pagsisikap upang ipaalam sa mga residente, sa pamamagitan ng nakasulat na abiso na ipopost nang kitang-kita sa propriyedad o sa harap ng propriyedad, kapag ang account ng serbisyo sa tubig ay may mga utang at maaaring ipatigil sa hindi bababa sa 10 araw bago patayin ang serbisyo ng tubig. Ang nakasulat na abiso ay magpapayo sa nangungupahan/residente na sila ay may karapatang maging mga kostumer ng Lungsod nang hindi kinakailangang bayaran ang halaga ng delingkuwente, hangga't handa silang tanggapin ang pinansyal na responsibilidad para sa kasunod na bayarin para sa serbisyo sa tubig sa (mga) tirahang binibigyan ng serbisyo sa pamamagitan ng master na metro. Kung ang isa o higit pa sa mga residente ay handa at kayang tanggapin ang responsibilidad para sa kasunod na mga singil sa serbisyo ng tubig sa kasiyahan ng Lungsod, o kung mayroong isang pisikal na paraan na ligal na magagamit sa Lungsod, ng pagtatapos ng serbisyo sa mga napiling mga residente na hindi natutugunan ang mga iniaatas para sa serbisyo, ang Lungsod ay magbibigay ng serbisyo sa mga residente na makakatugon sa iaatas sa kanila.

7. Huling Araw ng Pagtigil ng Serbisyo

Ang lahat ng mga delikuwenteng singilin sa serbisyo at mga nauugnay na bayad ay dapat na matanggap ng Lungsod bago ang pagsasara ng araw ng negosyo na tinukoy sa nakasulat na abiso sa pagpapatigil ng serbisyo. Ang isang kostumer na hindi makakabayad ng mga bayarin sa petsa na tinukoy, ay maaaring mag-aplay ng alternatibong pakikipag-ayos ng pagbabayad tulad ng inilalarawan sa seksyon 5 ng patakarang ito. Ang mga aplikasyon para sa mga alternatibong pakikipag-ayos ng pagbabayad ay dapat isumite hanggang tanghali sa petsa na tinukoy sa abiso ng pagpapatigil ng serbisyo.

8. Pagpapatigil ng Serbisyo ng Tubig Dahil sa Hindi Pagbabayad

Ipapatigil ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa pamamagitan ng pagpatay, at sa ibang kaso ay nilalagyan ng kandado ang metro. Bago ipatigil ang serbisyo, bibigyan ng abiso ang kostumer ng isang nakasulat na pagpapatigil nang hindi bababa sa 7 araw ng negosyo bago itigil ang serbisyo. Sisingilin ang kostumer ng multa sa hindi binayaran kahit na ang metro ay pisikal na nakapatay. Ang metro ay mananatiling naka-lock hanggang sa matanggap ang bayad. Ang isang kostumer na ang serbisyo ng tubig ay natigil dahil sa hindi pagbabayad ay sisingilin ng lahat ng mga multa sa pangunahing serbisyo habang ang serbisyo ay nakatigil.

Ang Lungsod ng Vacaville, mga opisyal, empleyado, at mga kinatawan ay hindi mananagot o responsable sa anumang pinsala o sira na maaaring magresulta mula sa pagpapatigil sa serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad ng bayarin para sa serbisyong ibinigay.

9. Pagpapanumbalik ng Serbisyo:

Upang maibalik o magpatuloy ang serbisyo na naantala dahil sa hindi pagbabayad, dapat bayaran ng kostumer lahat ng mga delingkuwenteng bayarin at mga multa.

Upang maibalik ang serbisyo sa araw din nang pinutol nang hindi nagbabayad ng multa sa pagbabalik ng serbisyo pagkatapos ng ilang oras, dapat na matanggap ang kabayaran ng bago mag-alas 4:00 ng hapon. Ang serbisyo sa tubig na binuksan ng sinuman maliban sa mga tauhan ng Lungsod o walang pahintulot ng Lungsod ay maaaring mapasailalim sa mga multa o karagdagang singil o bayarin. Ang mga pinsala na naganap na resulta ng hindi awtorisadong pagbabalik ng serbisyo ay responsibilidad ng kostumer.

10. Pagbabalik ng Serbisyo pagkatapos ng Oras ng Negosyo:

Ang mga kahilingan sa pagbabalik ng serbisyo na natanggap pagkatapos ng 4:00 ng hapon sa mga araw ng negosyo ay sisingilin ng after-hour na multa tulad ng nakalagay sa iskedyul ng Bayad sa Serbisyo at Pag-upa sa Pasilidad. Ang serbisyo ay hindi maibabalik pagkatapos ng regular na oras ng negosyo maliban kung ipinaalam sa kostumer ang after-hour na multa at binayaran ang naaangkop na bayarin kasama ang lahat ng delingkuwenteng bayarin at mga utang na dapat bayaran bago ang pagsasara ng araw ng negosyo sa araw ng pagbabalik ng serbisyo.

11. Abiso ng Pagpapasiya sa mga Bumalik na Tseke/ACH transaksyon:

Kung sakaling ang Lungsod ay nakatanggap ng abiso ng isang bumalik na tseke, ang account ng kostumer ay ituturing na hindi bayad. Susuriin ng Lungsod ang bumalik na tseke tulad ng nakasaad sa iskedyul ng Serbisyo sa Pag-upa sa Pasilidad at Serbisyo. Padadalhan ang kostumer na nakatala ng isang abiso ng ibinalik na tseke. Kung sa oras nang bumalik ang tseke, ang account ay wala pang 60 araw na delingkuwente, ipapahayag ng abiso ang petsa nang bumalik ang tseke at ang dapat bayarang multa upang maiwasan ang mga karagdagang abiso at mga multa. Kung sa oras nang bumalik ang tseke, ang account ng kostumer ay lagpas ng 60 araw na delingkuwente, ipadadala sa kostumer na nakatala ang isang abiso na 7 araw ng negosyo ng pagpapatigil ng serbisyo sa pamamagitan ng koreo.

12. Mga bumalik na tseke para sa Dati Nang Natigil na Serbisyo:

Kung sakaling ang isang kostumer ay magbayad upang ibalik ang serbisyo ng tubig na natigil dahil sa hindi pagbabayad at ang Lungsod ay tumanggap ng abiso na nagsasabi na bumalik ang tseke, ang Lungsod ay maaaring mag-isyu agad-agad ng 48-oras na abiso ng pagpapatigil ng serbisyo.

Ang sinumang kostumer na nagbayad ng dalawa o higit pang bumalik na tseke sa loob ng labindalawang buwan o bumalik ang tseke na ibinayad upang maibalik ang serbisyo, ay kinakailangang magbayad sa pamamagitan ng cash, credit card, o sertipikadong pondo sa loob ng 12 buwan mula sa petsa ng pinakahuling insidenteng bumalik ang tsekeng ibinayad.

13. Mga Hindi Napagkasunduang Bill:

Kung hindi napagkasunduan ang isang bill ng tubig at ginamit ng kostumer ang kaniyang karapatan na mag-apela sa Direktor ng mga Utility o sa isang itinalaga, hindi ipatitigil ng Lungsod ang serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad habang hinihintay pa ang resulta ng apela.

Dapat ipagbigay-alam ng isang kostumer sa Lungsod sa pamamagitan ng sulat na hindi napagkasunduan ang bill at humihiling ng pagsusuri o pagsisiyasat sa loob ng 15 araw mula sa petsa ng hindi napagkasunduang bill o anumang inisyal na abiso sa pagpapatigil ng serbisyo. Kung ang isang kostumer ay naniniwala na nagbayad sila ng mga bill ngunit hindi naitala sa kanilang account, kailangang magpakita ang kostumer ng resibo, tseke na kinansel o iba pang kasiya-siyang katibayan upang mapatunayan ang pagbabayad at makapagsaliksik ang Lungsod ng resibo ng pagbabayad.

Kung ang hindi napagkasunduan ay nauugnay sa bill ng utility, ang Tagapamahala sa Pananalapi o isang itinalaga ay makikipagpulong sa kostumer nang personal o sa pamamagitan ng telepono sa kahilingan ng kostumer na siyasatin at subukang malutas ang hindi napagkasunduan nang hindi pormal. Kung sa kasunod ng pagpupulong sa Tagapamahala ng Pananalapi o isang itinalaga, ang hindi napagkasunduan sa kostumer ay hindi rin nalutas, maaaring isumite ng kostumer ang hindi napagkasunduan sa Direktor ng mga Utility sa pamamagitan ng pagsusumite ng isang nakasulat na kahilingan na nagpapahayag na ang bill ay hindi napagkasunduan at isang buong paliwanag ng hindi napagkasunduan.

Kung ang hindi pagkakaunawaan ay nauugnay sa mga serbisyo ng utility, ang Tagapamahala Utility o ang itinalaga ay makikipagpulong sa kostumer sa personal o sa pamamagitan ng telepono sa kahilingan ng kostumer na siyasatin at subukang malutas ang hindi napagkasunduan nang hindi pormal. Kung sa kasunod ng pagpupulong sa Tagapamahala ng Utility o sa itinalaga, hindi nalutas ang hindi napagkasunduan sa kostumer, maaaring isumite ng kostumer ang hindi napagkasunduan sa Direktor ng Utility sa pamamagitan ng pagsusumite ng isang nakasulat na kahilingan na nagpapahayag na ang bill ay hindi napagkasunduan at isang buong paliwanag ng hindi napagkasunduan.

Habang sinusuri ang isyu at bago magawa ang huling pagpapasiya ng Lungsod, hindi ipatitigil ng Lungsod ang serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad habang hinihintay pa ang resulta ng pagsusuri. Ang Lungsod ay gagawa ng huling pagpapasiya sa loob ng 15 araw matapos matanggap ang nakasulat na kahilingan ng kostumer para sa pagsusuri o pagsisiyasat.

Ang isang kostumer ay hindi maaaring mag-apela ng higit pa sa tatlong bayarin sa loob ng labindalawang buwan.

Ang pagpapasiya ng Direktor ng Administratibong Serbisyo o Direktor ng Utility ay ang siyang susundin.

14. Hindi Awtorisadong Aksyon:

Ang patakarang ito ay hindi nag-aaplay sa pagpapatigil ng koneksyon ng serbisyo ng Lungsod dahil sa isang hindi awtorisadong aksyon ng isang kostumer.

Petsa ng Pagsisimula:

Ang patakarang ito ay epektibo sa Pebrero 1, 2020.

Itatagal ng Patakaran:

Ang patakarang ito ay maaaring mabago o bawiin anumang oras sa tagubilin ng Direktor ng Administratibong Serbisyo sa mga kawani ng Pananalapi.

Pinagtibay: Nobyembre 12, 2019



Dawn Leonardini, Direktor ng Administratibong Serbisyo

